# Pinuputol ang kamay sa [halagang nanakaw na] ika-apat na bahagi ng Dinar hanggang sa pataas [nito]

Ayon kay `Ā'ishah, malugod si Allāh sa kanya-Hadith na Marfu: ((Pinuputol ang kamay sa [halagang nanakaw na] ika-apat na bahagi ng Dinar hanggang sa pataas [nito]))
[Tumpak] [Napagkaisahan ang katumpakan]

Ginawang ligtas ni Allah-Kamahal-mahalan Siya at Kapita-pitagan-ang mga buhay ng tao,ang mga ari-arian nila at ang mga kayamanan nila,sa lahat ng gumagawa ng mga ipinagbabawal na nakakapinsala,at may paglabag sa mga pag-uutos.Ginawa niya bilang kaparusahan sa magnanakaw-yaong kumukuha ng yaman mula sa lalagyan nito na palihim-ang pagputol sa bahagi na siyang kumuha sa yamang nanakaw;Nang sa gayun ay patawarin ang kanyang kasalanan-dahil sa pagputol,at upang maka-iwas siya at ang iba pa ,sa mga masasamang pamamaraan na ito,at humayo sila sa paghahanap ng kayamanan mula sa marangal na pamamaraan sa batas ng Islam,Dadami ang mga trabaho,at magsisilabasan ang mga bunga at magiging laganap ito sa kalupaan at mapapanatag ang mga kalooban.At kabilang sa Karunungan Niya-Pagkataas-taas Niya: Ang gawin Niyang, ang pinakamaliit na halaga sa pagputol ng kamay dahil sa pagnanakaw niya;ay katumbas ng apat na bahagi ng Dinar mula sa ginto,Bilang pangangalaga sa mga yaman,at pangangalaga sa buhay,upang maging dahilan sa kaligtasan,at mapanatag ang mga kalooban,at maipapalaganap ang mga kayamanan para sa paghahanap-buhay at pamumuhunan.

https://sunnah.global/hadeeth/tl/show/2964